www.kidsworship.kr

1st Story

# Noong umakyat si Hesus sa langit, binigyan Niya tayo ng mga regalo!



**Narration** Si Hesus, na namatay sa krus, ay muling nabuhay pagkaraan ng tatlong araw at lumabas sa libingan. Nagpakita Siya sa Kanyang mga alagad sa loob ng 40 araw bago Siya umakyat sa langit . Pinatunayan Niya sa kanila na Siya ay buhay.

**Jesus** Mga alagad! Buhay ako! Totoo 'to! Eto hawakan n'yo ang mga butas sa kamay ko. O kita n'yo?



**Narration** Sa tuwing makikipagkita Siya sa kanila, sinasabi Niya ang tungkol sa Kah-arian ng Diyos.




**Jesus** Makinig kayo! Kailangan ninyong itatag ang kaharian ng Diyos dito sa mundo. Hindi ako matutuwa kung sarili lang ninyo ang gusto n'yong mamuhay ng maayos.

**Narration** At panghuli, "Huwag muna kayong umalis sa Jerusalem, kundi kailangan hintayin ninyo ang Banal na Espiritu na aking ipapadala."



**People** Natatakot akong manatili dito sa Jerusalem...paano kung dumating ang mga sundalo at hulihin tayo?

**Narration** Isang araw, nang magkatipon si Jesus at ang mga alagad, nagtanong sila kay Jesus,

**Disciple 1** Panginoon, itatatag na po ba ninyong muli ang kaharian ng Israel?

**Jesus** Ang nagtatakda ng mga oras ay ang Diyos Ama lamang, kaya hindi n'yo na kailangan pang malaman ninyo kung kailan iyon. Ang mahalaga ay darat-ing sa inyo ang Banal na Espiritu, at bibigyan kayo ng lakas para maging saksi ko hindi lamang sa Jerusalem kundi pati sa buong Judea at sa Sama-ria, at hanggang sa dulo ng daigdig. Naiintindihan nyo ba ang sinasabi ko?



**Narration** Pagkatapos sabihin ito ni Hesus, biglang…!

**Disciples** Oh? Anong nangyayari? Si Hesus ay umaakyat sa langit! Uh uh~ Isama Mo po ako~ Hesus~ Hesus~



**Narration** Si Jesus ay iniakyat sa langit habang ang mga alagad ay nakatingin sa kan-ya, at natakpan siya ng ulap hanggang hindina nila Siya makita. Bumalik ang mga alagad sa Jerusalem at sama-samang nanalangin gaya ng sinabi sa kanila ni Jesus.

**Disciple** Naaalala mo ba ang sinabi sa atin ni Hesus bago siya umakyat sa langit? Alalahanin natin, nangako Siya na ang Banal na Espiritu ay darating , kaya huwag tayong mangalat, magtiis tayo at maghintay gaya ng sinabi Niya! Okay?

**Narration** Tapos isang araw!





**People** Uh? Ano yun? May bumababa mula sa langit!

**Narration** Biglang may ingay mula sa langit, na tulad ng ugong ng malakas na hangin, at napuno nito ang bahay na kinaroroonan nila. May nakita silang parang mga dilang apoy na dumapo sa bawat isa sa kanila, at silang lahat ay napuspos ng Espiritu Santo at nagsimulang magsalita ng iba't ibang wika ayon sa ipinagkaloob sa kanila ng Espiritu. Ang mga mananampalataya ay nagkaisa sa puso at masigasig na nagtipon sa templo araw-araw, masaya silang kumain, inalagaan nila ang isa't isa at bukas-palad na pinagsaluhan ang tinapay at pagkain na mayroon sila. Pinuri nila ang Diyos at kinalugdan sila ng lahat ng tao. Sa pamamagitan nito, pinahintulutan ng Diyos na mas dumami pa ang mga taong naliligtas araw-araw.